

Isang Mas Masusing Pagsusuri— Pakikipag-ugnayan at Pagbubukod

Ang pagpili kung ipagpapatuloy ang engagement o isang exclusionary na diskarte sa pamumuhunan—na kadalasang tinatawag na divestment—ay isang matagal nang pagtatalo sa mga sustainable na investor.

Pakikipag-ugnayan o Divestment?



Ang **pakikipag-ugnayan** ay kapag ginagamit natin ang ating impluwensya bilang isang investor upang makibahagi sa mga konstruktibong pag-uusap at mag-alok ng mga mungkahing humihimok ng pagbabago sa mga kumpanya, tagagawa ng patakaran at tagapamahala ng asset.



Ang **divestment** ay kapag nagbebenta ang isang investor ng holdings niya sa isang partikular na uri ng pamumuhunan. Maaaring mag-divest ang mga investor dahil naniniwala silang hindi naaayon ang ilang partikular na pamumuhunan sa kanilang mga pagpapahalaga o mayroon itong partikular na panganib ng pagkalugi.

Sa Wespath, pinagtutuunan namin ang pangmatagalang pinansyal na seguridad ng aming mga kalahok at kliyente sa institusyon. Nauunawaan namin ang moral at pinansyal na kinakailangan upang magkaroon ng progreso sa mga isyu sa sustainability, at matagal na naming nadarama na ang pakikipag-ugnayan ang pinakamahasag na paraan para magawa iyon.

Sumusuporta sa Pakikipag-ugnayan ang Ilang Akademikong Research Paper:

“Ipinapakita namin na sa isang kompetitibong mundo, hindi gaanong epektibo ang pag-alis (divestment at boycott) kumpara sa pagkakaroon ng boses (pakikipag-ugnayan) sa paghikayat sa mga kumpanya na kumilos sa isang paraang responsable sa lipunan.”

— *Mga mananaliksik sa Harvard, University of Chicago at University of Trento (Italy)*¹

“Kung kaya, maaaring hindi maging produktibo ang sustainable na pamumuhunan kung saan inaalis ang puhunan sa mga brown firm at dinadala ito sa mga green firm, dahil ginagawa nitong mas brown ang mga brown firm nang hindi ginagawang mas green ang mga green firm.”

— *Mga mananaliksik sa Yale at Boston College*²

“(Ang mga kumpanyang gumagawa ng langis, gas at enerhiya) ay gumagawa ng mas marami, at lubos na mas de-kalidad na green innovation. Sa maraming larangan ng green technology, tinitingnan ang mga ito na mga maimpluwensyang first-mover, na hindi madaling napapalitan.”

— *Mga mananaliksik sa Harvard, University of Texas-Dallas at DePaul University*³

Nakatulong sa pananaliksik na ito ang ilang dekada nang kasaysayan sa pakikipag-ugnayan ng Wespath, na naghatid ng maraming tagumpay sa mga sektor at isyu sa sustainability.



**HEIDELBERG
CEMENT**

Pakikipag-ugnayan sa Sektor ng Langis at Gas tungkol sa Low-Carbon Transition

Maraming taon nang nakikipag-ugnayan ang Wespath sa **Chevron** at **Occidental Petroleum (Oxy)**. Humantong ang mga pakikipag-ugnayan sa mga sumusunod na positibong resulta:

- Naglathala ang parehong kumpanya ng kanilang mga kauna-unahang ulat sa panganib sa klima, na nagbibigay ng mahalagang pampublikong pagsang-ayon sa mga epekto ng pagbabago ng klima.⁴
- Ang Oxy ang unang pangunahing kumpanya ng langis at gas na nag-anunsyo ng layuning makakamit ng mga net-zero na emission.
- Ang Chevron ang una sa industriya na nagrekomenda ng pagboto para sa panukala ng shareholder na nakatuon sa pamamahala ng methane, na naipasa nang may 98% suporta.

Pagharap sa HeidelbergCement, na Malaking Kumpanya ng mga Materyales para sa Konstruksyon, tungkol sa Mga Karapatang Pantao

Direktang nakipag-ugnayan ang Wespath sa **HeidelbergCement**, na malaking kumpanya ng mga materyales para sa konstruksyon sa Germany tungkol sa mga panganib sa mga karapatang pantao, ngunit nang nabigo ang pag-uusap, gumamit kami ng ibang paraan ng pakikipag-ugnayan. Naghain kami ng countermotion sa kumpanya, na katumbas ng paghahain ng isang resolusyon ng shareholder sa kumpanya sa U.S. Mula nang naihain ang countermotion, nagpatuloy ang HeidelbergCement sa mga pakikipag-usap, kumuha sila ng isang may kasanayang program officer para sa mga karapatang pantao at mas naging bukassila sa pakikipag-usap tungkol sa mga supply chain nito.

Nakadetalye sa likod ang higit pang kuwento ng tagumpay sa pakikipag-ugnayan!

Mga Kuwento ng Tagumpay sa Pakikipag-ugnayan ng Shareholder



Bumisita si Lucas Schoeppner ng Wespeth (ang nasa kanang larawan), Manager ng Sustainable Investment Stewardship, at mga kasamahang investor sa isang natural gas wellsite bilang bahagi ng aming pagtuon sa pagbabawas ng methane, na pangunahing bahagi ng natural gas.

May pakinabang ang lahat sa pagbabawas ng mga pagtagas ng methane mula sa imprastruktura ng pipeline: Napapanatili nito ang produktong may kita para sa mga kumpanya kung saan tayo namumuhunan at nababawasan nito ang mga emission ng isang potent na greenhouse gas. Bilang karagdagan sa pakikipag-ugnayan sa mga kumpanya ng langis at gas tungkol sa kanilang mga patakaran sa pamamahala ng methane, nakipag-ugnayan ang Wespeth sa mga pederal na ahensya sa pamamagitan ng pagsulat bilang suporta sa mga iminungkahing pamantayan para sa mga emission ng methane.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang aming webpage sa Sustainable na Pamumuhunan:



Pangkapaligiran



Pinangungunahan ng Wespeth ang sama-samang pakikipag-ugnayan sa **Cummins**, isang kumpanya sa pagmamamupaktura na gumagawa ng mga makina, generator at power component. Kasama ang aming mga kasamahan sa Climate Action 100+, ang pinakamalaking inisyatiba sa sama-samang pakikipag-ugnayan sa buong mundo, hinikayat namin ang Cummins na tugunan ang pangkapaligirang sustainability at pag-transition sa isang low-carbon na modelo ng negosyo. Noong nakaraang taon, inanunsyo ng pangasiwaan ang Destination Zero, isang estratehiya para ihanay ang kanilang negosyo sa isang net-zero na hinaharap sa 2050.



Nagpapakita rin kami ng pangunguna sa pakikipag-ugnayan para sa klima sa pamamagitan ng aming gawain kasama ang **Net-Zero Asset Owner Alliance**, na inilalarawan bilang "gold standard" sa mga pagtuon sa klima.⁵ Ang ground-breaking na publikasyon ng Alliance na *The Future of Investor Engagement* kung saan kasamang may-akda ang Wespeth, ay nagsasaad ng makabuluhang pagkilos na maaaring gawin ng mga investor upang makatulong sa pagkamit ng net-zero na ekonomiya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan ng shareholder. Malawakang ipinapamahagi ang publikasyon at itinuturo ito ng mga natatanging programa sa MBA.

Panlipunan



Hinikayat ng Wespeth ang mga kumpanya na ihayag ang impormasyong nauugnay sa mga karapatan ng mga empleyado at mga taong apektado ng mga pagpapatakbo ng negosyo. Sa isang pakikipag-ugnayan sa **Caterpillar**, hinikayat namin ang kumpanya na tugunan ang mga panganib sa negosyo na nauugnay sa paggamit ng mga produkto nito sa mga lugar na may giyera, kabilang ang Western Sahara, na teritoryong sinasakop ng Morocco; ang Xinjiang Uyghur Autonomous Region; ang mga Occupied Palestinian Territory; at Myanmar, kung saan ipinangtutustos sa giyera ang kita mula sa pagmimina ng jade. Bilang tugon, nagsagawa ang Caterpillar ng mga pagtatasa sa epekto sa mga karapatang pantao sa lahat ng yunit nito at nagkaroon ito ng mas matibay na patakaran sa mga karapatang pantao.



Pagkatapos ng mga paulit-ulit na paglabag sa kaligtasan sa lugar ng trabaho sa **Dollar General**, tumulong ang Wespeth na manguna sa pakikipag-ugnayan sa low-cost na retailer nang nakatuon sa mga patakaran nito sa kaligtasan sa lugar ng trabaho. Dahil sa pakikipag-ugnayan, nakipagtulungan ang investor na maghain ng resolusyon ng shareholder na nananawagan para sa independent na pag-audit. Sinuportahan ng Wespeth ang panukala, at naipasa ito nang may pag-apruba ng karamihan sa mga shareholder sa unang pagsubok pa lang.

Pamamahala



Ipinapakita ng pananaliksik⁶ na nagreresulta ang board na may marami at iba-ibang miyembro sa mas magandang performance. Ang Wespeth ay miyembro ng **30% Coalition**, na nagsusulong sa iba't ibang kasarian sa board room. Mula noong 2012, mahigit 400 kumpanya ang nagdagdag ng mga babae sa kanilang mga board sa pamamagitan ng mga pagsisikap ng Coalition.⁷



Kasama kami sa namumuno sa **Investors for Opioid & Pharmaceutical Accountability (IOPA)**. Nakatuon ang IOPA sa mga reporma sa pamamahala ng korporasyon na nagsusulong sa responsibilidad ng korporasyon sa industriya ng opioid at gamot. Kasunod ng pakikipag-ugnayan ng IOPA, limang kumpanya ng gamot ang sumang-ayon na baguhin ang kanilang mga kasanayan sa pagpapasahod ng executive na miyembro upang makatulong sa pagtiyak na may pananagutan ang mga lider ng korporasyon sa mga pagkilos ng kanilang kumpanya.

Ipinapatupad ng Wespeth Benefits and Investments ang mga estratehiya sa sustainable na pamumuhunan para sa mga pondo sa pamumuhunan na makukuha sa pamamagitan nito at sa mga subsidiary nito sa pamamahala ng pamumuhunan, kabilang ang Wespeth Institutional Investments. Sama-samang tinutukoy ang Wespeth at mga subsidiary nito bilang "Wespeth."

¹ Broccardo, Eleonora, et al. "Exit vs. Voice." National Bureau of Economic Research. Agosto 2020. <https://doi.org/10.3386/w27710>

² Hartzmark, Samuel, and Kelly Shue. "Counterproductive Sustainable Investing: The Impact Elasticity of Brown and Green Firms." Available sa SSRN. Nobyembre 1, 2022. <https://dx.doi.org/10.2139/ssrn.4359282>

³ Cohen, Lauren, et al. "The ESG-Innovation Disconnect: Evidence from Green Patenting." National Bureau of Economic Research. Oktubre 2020. <https://doi.org/10.3386/w27990>

⁴ <https://www.oxy.com/sustainability/>; <https://www.chevron.com/corporate-responsibility/climate-change>

⁵ <https://www.unepfi.org/industries/investment/antonio-guterres-net-zero-asset-owner-alliance-is-gold-standard-for-net-zero-commitments/>

⁶ CS Gender 3000, Credit Suisse Research, Sept. 2016.

⁷ <http://www.30percentcoalition.org/>